THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 46* Nobyembre 13-19, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 6 KASAPI NG CTG, NAARESTO NG PNP-CIDG

*sundan sa pahina 3*




## Unang Flag Raising Ceremony sa ilalim ng bagong PNP Chief, idinaos

*sundan sa pahina 2*

## Php7.8-M halaga ng shabu, nasabat sa CamSur buy-bust

*sundan sa pahina 11*

**PUBLIC ANNOUNCEMENT!!!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

***Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2***

**Minimal on- site capacity**

(applying work from-home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

***Activities and Establishment***

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph



## PULISYAPEDIA

**Ano ang kaibahan ng direct sa indirect assault?**

Ang kaibahan ng direct assault at indirect assault ay nakatuon sa kung sino ang biktima o ang nakatanggap ng pananakit o pananakot. Bago maituring na direct o indirect assault ang naganap, kailangan ay may pag-atake o paggamit ng pwersa o seryosong pananakot sa katauhan ng biktima. Ngunit ang pagkakaiba lamang ay sa direct assault, ang biktima ay isa sa mga tinatawag na persons in authority o ang kanilang agents na nakatala sa Article 152 ng Revised Penal Code. Ang isang taong tumulong sa person in authority ay ipinapalagay na agent nito kaya nakakasuhan din ng direct assault ang sinumang manakit dito. Samantala, sa indirect assault, ang makakasuhan nito ay ang nanakit o nanakot sa tumulong sa isang agent ng person in authority.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
**09175382495**
SMART
**09988490013**
LANDLINE
**(02)87253176**
E-MAIL
**ncovmonitoring@gmail.com**




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect
@pnp.pio @pnppio @pnp_pio PNP PIO www.pnp.gov.ph

# E - SUMBONG



*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : **0919 1601 752**
GLOBE : **0917 8475 757**

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

**PGEN DIONARDO B CARLOS**

# Unang Flag Raising Ceremony sa ilalim ng bagong PNP Chief, idinaos




**Idinaos ang unang Flag Raising Ceremony sa ilalim ng bagong liderato ng hanay ng Pambansang Pulisya nitong Nobyembre 15, 2021. Ito ay pinangunahan ng bagong talagang Chief, PNP, PGen Dionardo B. Carlos. Dinaluhan naman ito nina Inspector General, Internal Affairs Service, Atty. Alfegar M. Triambulo; PNP Command Group; Directorial Staff; mga Director ng NSU at iba pang miyembro ng PNP.**

Tampok din sa nasabing programa ang paggawad ng medalya sa mga pulis na may katangi-tanging nagawa. Ginawaran ng Medalya ng Kadakilaan sina Pltcol Glen C. Gonzales, PLt Ashrock T. Almerol, PMSg Jerwin O. Rebusora, Pat Bryan B. Entrina at Pat Ryan L. Dorado. Ito ay bunsod ng matagumpay na buy-bust operation noong Oktubre 18, 2021 sa Gladiola St., Punta Verde Subdivision, Pulung Cacutud, Angeles City na nagresulta sa pagkakapatay ng apat (4) na drug suspects at pagkakasamsam sa 38-kilo ng shabu na may tinatayang halagang Php262,200,000.

Ginawaran din ng Medalya ng Kasanayan sina PMGen Rhodel O. Sermonia dahil sa magandang pamumuno sa Directorate for Police Operations at si PBGen Valeriano T. De Leon sa kanyang pamumuno sa Civil Security Group. Parte rin ng programa ang Turn-Over of Office ng bagong Acting Chief Directorial Staff (TACDS) at bagong Director ng Police Operations (TDO).

Ang panghuling parte ng programa ay ang talumpati ng bagong ama ng Pambansang Pulisya kung saan nagbigay siya ng kanyang mga direktiba na siyang tatahakin sa susunod na anim na buwan. Binigyang diin ng Chief, PNP ang paghahanda para sa payapa at maayos na 2022 National Elections. Sa kampanya naman kontra kriminalidad, itutuloy ang Enhanced Managing Police Operations; sa kampanya naman kontra iligal na droga ay itutuloy pa rin ang double barrel finale version 2022 kung saan bibigyan ng mas malaking atensiyon ang Barangay Development Program na iimplimenta ng Pulis sa Barangay sa pakikipagtulungan ng Barangay Anti-Drug Abuse Councils (BADACs) at force multipliers; at sa kampanya naman kontra insurhensya, palalakasin ang area police commands o ang limang Directorate for Internal Police Operations. Itutuloy din ang Intensified Cleanliness Policy, at ang Regular at ang Fiscal Transparency and Accountability ay para naman sa financial transparency ng PNP. At ang panghuli, ang Body Mass Index (BMI) kung saan sinabi ng Chief, PNP na responsibilidad ng bawat pulis ang siguruhing malusog at kaaya-aya ang kanilang BMI.

# Kabuuang bilang ng mga Krimen Sa NorthMin bumaba





**Itinampok ng Police Regional Office 10 (PRO 10) ang pagbaba sa kabuuang bilang ng krimen na 15.26% sa ikatlong bahagi ng taong 2021 bilang patunay ng kanilang pagsisikap na makamit at mapanatiling payapa at maunlad ang rehiyon.**

Batay sa report ng 4th Quarter Meeting ng Regional Peace and Order Council 10 nitong November 16, iniulat ng PRO 10 ang pagbaba ng kabuuang bilang ng krimen sa rehiyon ng 15.26% o 579 para sa 3rd quarter ng 2021, kung saan bumaba ang Public Order Index (POI) mula 2,083 sa second quarter hanggang 1,809 sa third quarter at ang Public Safety Index (PSI) mula 1,712 hanggang 1,407 sa third quarter. Ito ay ang resulta ng patuloy na pagpapatupad ng mga programa at serbisyong naglalayong itaguyod ang ligtas at payapang mga komunidad.

Ayon din sa PRO 10, mula sa 3,216 kabuuang bilang ng krimen, 3,042 kaso ang na-clear, at 2,555 krimen naman ang nalutas sa loob ng third quarter 2021.

Para sa Anti-Illegal Drug campaign naman, ang PRO 10 at PDEA-10 ay nakapag-clear ng 1,289 na barangay o 69.12% ng mga target na barangay sa rehiyon. Mula October 2021, mayroong 576 drug-affected barangays sa Rehiyon 10 habang meron lamang 157 unaffected barangays mula sa kabuuang bilang na 2,022 barangays sa buong rehiyon. Mayroon ding 20 Balay Silangan reformatory facilities na itinayo sa buong Northern Mindanao.

# Cotabato City Police Office Medical Reserve Force, tumulong sa pinaigting na Vax Drive



**Ang Cotabato City Police Office (CCPO), sa pamumuno ni PCol Rommel Laconsay Javier, City Director ng CCPO, ay aktibong sumuporta sa programa ng Local Government Unit (LGU) ng Cotabato City na tinaguriang "RESBAKUNA, Kasangga ng Bida".**

Nagsagawa ang LGU ng pagbabakuna sa mga kabataan na may edad na 12-17 taong gulang kasabay na rin ng malawakang pagsasagawa ng Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan sa Lungsod.

Nakiisa ang mga miyembro ng CCPO Medical Reserve Force (MRF) sa iba't ibang bakuna hubs/sites ng Cotabato City upang dagdagan at suportahan ang Resbakuna Program na isinagawa ng Cotabato City Health Office.

Bukod dito, nagsagawa rin ng pagbibigay impormasyon ang CCPO MRF ukol sa benepisyo sa kalusugan ng pagpapabakuna. Ang mga Miyembro ng MRF ay mga Opisyal ng Pulisya na nagtapos ng kursong medikal at may lisensya upang magsagawa ang mga kasanayang medikal sa publiko.

# 6 kasapi ng CTG, naaresto ng PNP-CIDG






**Iprinisinta sa media ni PNP Chief PGen Dionardo B. Carlos ang anim (6) na miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) kabilang ang isang opisyal ng CPP-NPA-NDF na naaresto sa magkahiwalay na operasyon ng Criminal Investigation at Detection Group (CIDG) noong Nobyembre 16, 2021 sa Quezon City at Bulacan.**

Timbog ang isang miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) sa tinutuluyan nitong bahay sa Barangay Maribolo, Quezon City.

Kilala ang rebelde na si Gil Peralta, tumatayong Sekretarya ng Komiteng Rehiyon-Cagayan Valley (KR-CV) at Executive Committee, 1st Deputy Secretary, Finance Officer, at Head ng Regional Organizational Department (ROD) Communication Department ng KR-C.

Si Peralta ay may nakabinbing Warrant of Arrest para sa kasong Arson at Frustrated Murder. Batay sa imbestigasyon ng pulisya, si Peralta ang utak sa iba't ibang pag-atake ng mga teroristang grupo sa Lambak ng Cagayan. Kabilang dito ang pagsunog sa DDT Construction Equipment sa bayan ng Lallo, Cagayan noong Oktubre 2020 at ang pag-atake sa Cafgu Active Auxiliary (CA) Detachment sa Sto. Niño, Cagayan noong Hulyo 2019.

Sangkot din ang suspek sa pag-ambush at karumal-dumal na pagpatay sa Sangguniang Bayan Member at dating Mayor ng Lasam, Cagayan na si Marjorie Apil Salazar at kasamahan nito na sina Eduardo Asuten, John Rey Cortes at Aiza Salvador Manuel.

Sa kaparehong operasyon, nahuli ang lima (5) pang kasapi ng CTG sa Barangay San Vicente ng Santa Maria, Bulacan na kinilalang sina Irene Agcaoili alyas "Ayang", Head Finance ng KR-CV na wanted sa kasong murder, multiple attempted murder at robbery at may patong sa ulo na Php700,000; Lourdes Bulan alyas "Simang", Executive Committee member ng KR-CV na wanted rin sa kasong murder at multiple attempted murder; Roy Dela Cruz alyas "Mick/ Bonel/Nino", Intel Officer ng KR-CV; Arcadio Tangonan alyas "Mariano Ramos"; at Natividad Santos.

Tinangkang barilin ni Agcaoili ang mga operatiba habang na magsisilbi sana ng Warrant of Arrest habang armado naman si Santos ng hand grenade. Sa kabutihang palad, ligtas namang naaresto ang dalawa.

Nakuha mula sa pag-aari ng mga naarestong suspek ang dalawang (2) cal .45; isang (1) cal 5.56mm; isang (1) cal 9mm; tatlong (3) hand grenade; mga Improvised Explosive Device; iba't ibang magasin, bala at mga sangkap ng pampasabog; at Php636,000 halaga ng pera.

Malaking dagok sa teroristang grupo ang pagkakaaresto ni Peralta at limang (5) tauhan nito. Sa pamamagitan nito, mabibigyan na ng inaasam na hustisya ang mga naging biktima sa karahasan ng CTGs sa Lambak ng Cagayan.

"I am commending the PNP CIDG, the local PNP units and the AFP operatives that were involved in the operation. But with that, I am also directing the CIDG Director to initiate further investigation on the criminal activities of the arrested suspects to bring justice to their victims," ani PNP Chief Carlos.

"Let this be a manifestation of the PNP's commitment to the attainment of the NTF ELCAC's objectives, towards the upholding of justice and democracy in the country," dagdag ng hepe.

# Higit 100 wanted sa batas, huli sa 24-oras SACLEO ng Valley Cops



**Umabot sa mahigit 100 indibidwal ang naaresto sa 24-oras na Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operations (SACLEO) ng Police Regional Office (PRO) 2 noong Nobyembre 15-16, 2021.**

Kabilang sa mga nadakip ang 10 na Top Most Wanted Persons at 104 iba pang Wanted Persons sa ikinasang 105 police operations.

Dagdag pa rito, isinagawa ang anim (6) na anti-illegal drug operations kung saan naaresto ang limang (5) suspek at sumuko naman ang apat (4) na iba pa. Nakumpiska ang 1.25 gramo ng hinihinalang shabu at 0.70 gramo ng marijuana na may Dangerous Drugs Board value na Php9,050.

Samantala, arestado rin ang 23 indibidwal sa apat (4) na anti-illegal gambling operations ng pulisya habang 12 naman ang dinakip na suspek, at anim (6) na pampasabog at 23 na baril ang nakumpiska dahil sa paglabag ng Republic Act 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

Nasa 2,500 board feet naman ng sawn lumbers na tinatayang nagkakahalaga ng Php112,500 ang nasabat dahil sa paglabag ng Presidential Decree 705 o Forestry Reform Code of the Philippines.

Bilang bahagi ng kanilang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) campaign, tatlong (3) miyembro ng CTG, 30 taga-suporta at tatlong (3) miyembro ng Militia ng Bayan ang sumuko at nagbalik-loob sa pamahalaan.

Pinapurihan ni PRO2 Regional Director, Police Brigadier General Steve B. Ludan ang Valley Cops sa masigasig na pagtupad sa kanilang mandato upang mapanatiling ligtas, maayos, at mapayapa ang buong Rehiyon Dos.

"The result of the one-day SACLEO is a manifestation of the hardwork and dedication of the men and women of PRO2 in striving for a peaceful and tenable Cagayan Valley," ani PBGen Ludan.

# 1st PNP Medal of Valor na si PCol Elmar Sillador, bumisita sa PNP Museum



**Isang karangalan ang makita ng personal ang unang pulis na ginawaran ng pinakamataas na Medalya sa PNP, Medalya ng Kagitingan.**

Ngayong araw, November 16, 2021, bumisita sa PNP Museum si PCol Elmar B Sillador, (Ret), unang pulis na nagawaran ng Medalya ng Kagitingan sa PNP.

Bilang pagkikila, idinaos ng Police Community Affairs and Development Group (PCADG), sa pangunguna ni PBGen Eric E Noble, Director, ang isang simple ngunit makabuluhan na seremonya karugtong ng Museum tour kasama ng kanyang pamilya.

*sundan sa pahina 5*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Pagbibigay-pugay sa ating mga bayaning pulis na nagbuwis ng buhay

Ang buong pambansang pulisya ay nakikiramay sa pamilyang naiwan ng ating mga kasamahang pulis na napatay sa armed encounter sa pagitan ng pulis at miyembro ng Communist Terrorist Group sa Brgy. Lonoy, Gamay sa probinsya ng Northern Samar noong Nobyembre 20, 2021.

Lubos tayong nalulungkot sa sinapit nina Patrolman Franklin Marquez at Patrolman Jimmy Caraggayan matapos silang maging biktima sa Improvised Explosive Device (IED) ng mga CTG, ganun din sa sinapit ng kanilang mga kasamahang pulis na nagtamo naman ng mga sugat. Ang mga bagitong pulis na ito ay kasalukuyang police-trainees sa Special Action Force Commando Course (SAFCC).

Kinokondena natin ang karumal-dumal na aktibidad ng mga teroristang grupong ito. Hindi makatao ang kanilang ginawa at nararapat lamang na pagbayaran nila ito. Kasalukuyan naman ang isinasagawang pagtugis sa kanila sa pakikipagtulungan ng mga sundalo at ibang yunit ng PNP.

Ang pangyayaring ito ay ilan lamang sa napakaraming kasamaan na ginawa nila. Isang patunay lamang na walang magandang ginagawa ang mga teroristang grupo sa ating lipunan. Patuloy silang kumikitil ng buhay hindi lamang ng kapwa natin mga pulis at sundalo, kundi maging ang buhay ng mga sibilyan. Sana naman na hindi sila magamit sa pulitiko at manggulo sa paparating ng Halalan 2022.

Sa kabila nito, sumasaludo tayo sa mga bayaning pulis na ito na nagbuwis ng buhay upang maipagtanggol ang kapayaan at katahimikan sa lugar. Ang inyong katapangan at kadakilaan ay bayaning maituturing sa ating hanay. Hindi man kayo nagtagal sa ating pagseserbisyo subalit ang inyong sakripisyo ay habang-buhay na dadalhin ng ating organisasyon.

Patuloy din tayong nakikiusap sa ating mga kababayan na makipagtulungan sa ating pulisya. Kung mayroon po kayong nalalamang impormasyon tungkol sa kanilang plano at aktibidad, ipagbigay alam sa otoridad para maaksyunan natin ito. Mag-ingat at maging alerto din tayong lahat sa ating kapaligiran o pangyayari upang hindi nila tayo mabiktima.

# EDITORYAL

## Payapa at ligtas na halalan, mithiin ng PNP

Malinaw at mariin ang direktiba ng bagong pamunuan ng hanay ng pambansang pulisya. Ito ang siguruhing ligtas at payapa ang national at local elections na gaganapin sa susunod na taon.

Tuloy-tuloy ang paglalatag ng mga planong pangseguridad sa lahat ng aktibidades para sa National at Local Election 2022. Kabilang nga sa mga hakbang ang agresibong kampanya laban sa loose firearms at operasyon laban sa private armed groups. Ito ay mabisang pamamaraan upang masawata at mapigilan ang mga kriminal na makapaghasik ng karahasan sa nalalapit na eleksiyon.

Samantala, maituturing namang payapa ang mga paunang aktibidades ng eleksiyon gaya ng pagpaparehistro ng ating mga kababayan sa iba't ibang tanggapan ng COMELEC kasunod ng paghahain ng Certificate of Candidacy ng mga kandidato mula sa national at lokal na posisyon. Ito ay bunga na rin ng maagang paghahanda ng PNP kasama ang iba pang ahensiya ng gobyerno.

Sa papalapit na pagsisimula ng kampanya, hihigpitan pa ang paglatag at pag-implimenta ng mga planong pangseguridad at ang agresibo at maigting na pagpapatupad ng police operations kontra kriminalidad. Kasabay naman nito ang pagpapakalat ng mga impormasyon ukol sa personal security. Kaugnay nga nito, pinaghahandaan na ang pagbabahagi ng mga information material na may kaugnayan sa seguridad ng kapwa mga kandidato at ng publiko kasabay ng pagpapakalat sa iba't ibang social media networking site ng mga impormasyong ito.

Maigting ang pagbabantay sa mga election hotspot area at minomonitor din kung may mga lugar na dadagdag sa kasalukuyang listahan. Sisimulan na rin ng PNP ang pagrecall sa mga police bodyguard at ang pagpapatupad ng gun ban bago magsimula ang election period. Ito ay bilang pagtalima sa COMELEC Resolution No. 10728 kung saan itinalaga ang PNP bilang isa sa mga ahensya na magiging katulong ng COMELEC sa pagbabantay sa mga nasabing ipinagbabawal na gawain sa panahon ng halalan.

Aasahan na rin ang pagsisimula ng re-assignment ng ilang opisyales ng PNP para masiguro na hindi makaimpluwensya ang mga pulis na may mga kamag-anak na tatakbo sa halalan at matiyak ang patas at malinis na eleksyon.

Kasabay ng pagsiguro sa kaligtasan mula sa anumang klase ng karahasan, babantayan din ng mga pulis ang pagsunod sa minimum public health safety standards at quarantine protocols sa lahat ng yugto ng halalan nanagsimula sa panahon ng pagpaparehistro ng ating mga kababayan sa COMELEC hanggang sa pagdeklara ng mga nanalo.

Nananawagan naman tayo sa ating mga kababayan na suportahan at makipagtulungan sa mga hakbangin ng pambansang pulisya katulong ang iba pang ahensiya ng gobyerno upang tiyaking ang ating eleksiyon ay makatarungan, walang daya at magandang halimbawa ng buhay na demokrasya.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Bilang ng namatay sa COVID-19 sa PNP, umabot na sa 125

Umabot na sa 125 katao ang namatay sa COVID-19 sa panig ng Philippine National Police ayon sa opisyal na ulat ng PNP Health Service na may petsang Nobyembre 17, 2021.

Sa regular na pagpupulong ng Joint Task Force COVID Shield Critique Session ay muling binigyang-diin ni PCol Jezebel Medina, Deputy Director for Operations, PNP Health Service, nakalulungkot anya pero may mga naidadagdag pa rin na nasasawi sa panig ng ating mga pulis. Kaya naman, sa kabuuang bilang ay umabot na sa 42,124 katao ang tinamaan ng COVID-19 sa Pambansang Pulisya, pero ang magandang balita ay nasa 41,862 katao ang naka-rekober na. Ibig sabihin ay nasa 125 na lamang ang mga aktibong kaso na kung saan sila ay patuloy na nagpapagaling sa iba't-ibang mga quarantine health facilities sa buong bansa.

Sa mga miyembro naman ng ating Pambansang Pulisya na nabakunahan o fully vaccinated ay umabot na sa 208,238 katao o nasa 92% na ang tumanggap ng vaccine. Sa mga tumanggap naman ng 1st dose ay umabot na sa 14,854 katao o nasa 6% na habang nasa 2,636 katao naman ang hindi pa nakatatanggap ng bakuna o nasa 2% na lamang dahil naman sa iba't-ibang mga kadahilanan. Ang nasabing bilang ay mula naman sa opisyal na talaan ng PNP CODA na may 225,728 total strength ng ating mga PNP Uniformed and Non-Uniformed Personnel sa buong bansa.

Umaasa naman si PNP Deputy Chief PNP for Operations (TDCO) at JTF CV Shield Commander, PLtGen Israel Ephraim Dickson, na sa darating na mga araw ay tuluyan ng bababa ang mga naitatalang kaso ng COVID-19 dahil na rin sa kampanya at programa ng ating gobyerno partikular ang laging paghuhugas ng alcohol, pagsusuot ng face mask, at tamang distansiya o social distancing ng bawat isa.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*


Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Ano ang Maihahandog ko sa Iyo Panginoon?

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Diyos sa Kanyang patuloy na paggabay at pagpapala na ating nararanasan mula sa Kanya. Kagalakan ko po ang magbahagi ng "Mabuting Balita." Nawa ay nasa mabuti kayong kalagayan habang binabasa niyo ang aking kolum.

Bago tayo matulog ay siniset natin ang ating alarm clock sa Cell phone at umaasa na bukas ay magigising pa upang gawin ang nais sa buhay. Paggising natin sa umaga ay nag-darasal tayo ng may pasasalamat sa panibagong araw na ibinigay Niya sa atin. Sa panahong ito ng pandemya ay marami tayong mga kababayan ang binawian ng buhay at nakaranas ng kahirapan. Sa kabila nito, ang inyo pong lingkod ay labis na nagagalak sa kabutihan at kaloob ng Panginoong Diyos sa akin. Kapag ang ating kapwa ay gumawa ng mabuti sa atin at tinulungan tayo sa panahong tayo ay nasa matinding pangangailagan. Hindi tayo nag-aatubili na lumapit sa kanya at sabihing, "Salamat po sa inyong pagtulong sa akin." Ang kanilang kabutihang ginawa sa atin ay ating susuklian sa pamamagitan ng pagtulong sa ating kapwa.

Ano-ano ba ang mga bagay na dapat nating ipag-papasalamat sa Panginoong Diyos?

1. Nakakakain ka ba ng tatlong beses isang araw?
2. Malakas at malusog ba ang iyong pangangatawan?
3. Mayroon ka bang trabaho upang matustusan ang iyong pangangailangan?
4. Mayroon ka bang mga magulang, kapatid at kaibigan na nagmamahal sa iyo?
5. Nakatapos ka ba ng pag-aaral?
6. Mayroon ka bang mabait na anak?
7. Nai-enjoy ba natin ang ating pinaghirapan.
8. Naka-kain mo ba ang gusto mo?
9. Nabibili mo ba ang gusto mo?
10. Nalalasap mo ba ang sarap ng pagkain?
11. Nalalanghap mo ba ang samyo ng bulaklak?
12. Nakakatayo ka bang mag-isa at nakakapunta kung saan mo nais?

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga natamasa natin sa mundong ito habang tayo ay nabubuhay. Marami tayong hiniling sa Panginoong Diyos sa pamamagitan ng panalangin at dininig Niya ang ating kahilingan ayon sa Kanyang kalooban.

Sa lahat ng bagay na ginawa sa atin ng Panginoong Diyos, hindi natin ito kayang bayaran at tumbasan. Sinabi ni Haring David sa Awit 116:12

"Kay Yahweh na aking Diyos, anong aking ihahandog, sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?" Awit 116:12 (MBB)

Ano ang ating maihahandog sa kabutihan ng Panginoong Diyos sa atin?

"Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na May-lalang sa atin." Awit 95:6

"Sumagot si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip. Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili." Mateo 22:37-39

Pagsamba, Pag-ibig sa Diyos at Pag-ibig sa kapwa!

Maraming mga talata na itinuturo sa atin ng "Banal na Kasulatan", kung ano ang dapat gawin ng mga tao upang luwalhatiin at parangalan Siya.

Paggising natin sa umaga, sa ating panalangin ay banggitin natin isa-isa ang kabutihang natanggap natin sa Kanya. At sa biyaya Niya ay maging mabuti tayo sa ating kapwa.

Samahan niyo po ako sa panalangin!

O Diyos aming Panginoon, maraming salamat po sa Iyong kabutihan sa amin. Sa pag-iingat Mo sa amin sa pagganap ng aming tungkulin araw-araw. Patawarin Mo kami sa lahat ng aming mga kasalanang nagawa.

Pagpalain Mo ang kapulisan sa pangunguna ng Hepe ng Pambansang Pulisya PGEN DIONARDO B CARLOS. Nawa ang pangitaing inilagay Mo sa kanyang puso ay magkaroon ng katuparan ayon po sa Iyong kalooban. Maghari nawa ang kapayapaan at kaayusan sa buong kapuluan.

Ito po ang aming dalangin sa Iyong Dakilang Pangalan. Amen!

## Kapulisan, simbahan, at pamayanan, pinagbuklod at pinagkaisa




**Nagkaisa at nagbuklud-buklod ang mga kapulisan ng Gattaran Police Station, pastor ng iba't ibang simbahan at pamayanan sa isinagawang "Kasimbayanan" sa Barangay Naddungan ng Gattaran, Cagayan noong Nobyembre 15, 2021.**

Nanguna sa pagpupulong ang Gattaran Police Station sa pamumuno ni PMaj Stanley Banan, Chief of Police, sa direktang pangangasiwa ni PCol Renell R Sabaldica, Provincial Director, Cagayan Police Provincial Office at Barangay Captain Bernadette Binuesa.

Sa pamamagitan ng programang Kasimbayanan o Kapulisan, Simbahan at pamayanan, ay mapapanatiling "Maka-Diyos" at "Makatao" ang Valley Cops sa kanilang pagseserbisyo, sa tulong ng religious groups at ng komunidad.

Layon rin ng programa na patatagin ang pagkakaisa ng kapulisan, simbahan at pamayanan tungo sa isang maunlad na pamayanan.

Isa itong patunay na magkakaiba man ang pinanggalingang grupo subalit pinagbubuklod ng iisang layunin na magkaroon ng tahimik at payapang pamayanan na may paniniwala sa iisang Ama na lumikha.


## 1st PNP Medal of Valor na si PCol Elmar Sillador...

*mula sa pahina 3*

Hinangaan ni PCol Sillador ang bagong ayos ng PNP Museum partikular na sa bahagi ng Medal of Valor Section kung saan nakalagay ang mga mukha at pangalan ng magigiting nating kapulisan na nagbuwis ng buhay para sa kapayapaan ng ating bansa. Kanya ding binati ang PNP Museum Curator na si Dr. Flordeliza T. Villaseñor, dahil sa pagsasaayos at pagpapahalaga nito sa museo ng PNP na itinuturing na imbakan ng kasaysayan.

At the outset, he shared Psalms 23, which is his guiding verses in doing his service to the country. "My award is just given to me by God, but the God who give me the award is the one to be glorified, the award belongs to him, not to me. Ibig sabihin servant lang ako ng Panginoon, binigyan nya ako ng Medal of Valor, ang glory hind sa akin. Instrumento lang ako. This is the second time that I wear this award. May pangalan ito ni President Cory Aquino sa likod na nagbigay ng award when I was awarded during the first PNP Anniversary sa grandstand", ani PCol Sillador.

The PCADG Family led by PBGen Eric E Noble, together with the Officers and Personnel ay taos pusong nagpapasalamat sa paglaan ninyo ng oras na bisitahin ang PNP Museum.



# 2-araw na pagsasanay para sa BPATs, isinagawa sa Isabela

**Sumailalim sa dalawang araw na pagsasanay ang mga Barangay Peacekeeping Action Teams (BPATS) ng Ilagan City, Isabela noong Nobyembre 11-12.**

Pinangunahan ng Ilagan City Police Station sa pamumuno ni PLtCol Benjamin D Balais, Officer-in-Charge ang naturang aktibidad na dinaluhan ng 126 miyembro ng BPATS na nagmula sa 20 barangay ng Siyudad.

Nagbahagi ng kaalaman ang mga tauhan ng 142nd SAC, 14th SAB, PNP-SAF at Bureau of Fire Protection ng Ilagan City.

Layunin ng aktibidad na bigyan ng kakayahan at gamitin ang mga BPATs sa mga Barangay katuwang ng Kapulisan sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa mga Barangay ng Lungsod.


Ito ang una mula sa apat na grupo na sasailalim ng kaparehong pagsasanay.







# Turnover ng mobile vehicles, blessing ng quarantine facility at launching ng KASIMBAYANAN, isinagawa sa PROCOR







**Pinangunahan ni PMGen Rodolfo Azurin Jr., Director for Comptrollership ang isinagawang blessing at turn-over ng mobile vehicles sa Police Regional Office Cordillera (PROCOR), Camp Major Bado Dangwa, La Trinidad, Benguet noong Nobyembre 18, 2021.**

Dumalo sa naturang aktibidad si Congressman Eric Go Yap, ang House Committee on Appropriation, 17th Philippine Congress bilang panauhing pandangal at tagapagsalita kasama si Governor Melchor Diclas at 13 lokal na mayors sa lalawigan ng Benguet.

Nasa tatlumpo (30) na units ng Patrol Jeep Single Cab (4x2) at anim (6) na units naman ng personnel carrier ang naturn-over sa PROCOR na malugod namang tinanggap ni PBGen Ronald O Lee, Regional Director, PROCOR.

Bukod pa dito, pinangunahan din ni Congressman Yap ang blessing ng bagong quarantine facility ng PROCOR kasabay din ng paglunsad ng Kapulisan, Simbahan at Pamayanan o KASIMBAYANAN alinsunod sa programa ng Pambansang Pulisya na Enhanced Revitalized PNP Internal Cleansing Strategy na naglalayong paigtingin ang ugnayan ng mga kapulisan at simbahan.

# Panunumpa sa katungkulan ni PGen Carlos, pinangasiwaan ni PRRD

**Pinangasiwaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang pormal na panunumpa sa katungkulan ni Police General Dionardo B Carlos bilang bagong Hepe ng Pambansang Pulisya sa Malacañang Palace noong Nobyembre 17, 2021.**

Sa isang simpleng seremonya, si Pangulong Duterte ang naglagay sa rank insignia ni PGen Carlos.


Si PGen Carlos ang pumalit kay dating PNP Chief, PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar (Ret.) matapos nitong maabot ang mandatory retirement age na 56 noong Nobyembre 13.

Dumalo rin sa donning of rank and oath-taking ceremony sina DILG Secretary Eduardo M Año, PBGen Belli B Tamayo, Senator Christopher Lawrence "Bong" T Go, at mga kaanak ni PGen Carlos.





# 75 karagdagang pwersa ng PNP-PCADG, nagtapos ng PSFTP






**Matapos ang anim na buwan, matagumpay na nagtapos ng Public Safety Field Training Program (PSFTP) ang MASIDLAKAN Class 2020-04 ng PNP Police Community Affairs and Development Group (PCADG) ngayong araw, Nobyembre 15 sa Camp Marcelo A Adduru, Tuguegarao City, Cagayan.**


Sa ginanap na simpleng seremonya, naging Guest of Honor and Speaker si PBGen Eric E Noble, ang Director ng PCADG, na kinatawanan ni PCol Marcial Mariano Magistrado IV, ang Deputy Director for Administration.


Sa kanyang mensahe, hinimok ni PCol Magistrado ang 75 bagong pulis na gampanan ng tapat at mahusay ang kanilang sinumpaang tungkulin.


"Perform your duties with the highest degree of professionalism and integrity. Add glory to the police force by creating a good and quality public service. Your image as public servants will have a great impact to our organization, to the community and to your family. Make them proud," dagdag ni PCol Magistrado.


Samantala, nakatakdang i-deploy ang MASIDLAKAN Class 2020-04 sa iba't ibang Regional Police Community Affairs and Development Unit sa buong bansa.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## PNP, Tagapagtanggol Ng Mamamayan!

Sa panahon ng Covid 19 pandemic, ginagawa ng pamahalaan ang lahat ng paraan upang matulungan ang mamamayan. Nagbibigay ng Social Amelioration Program (SAP) ang gobyerno upang maibsan ang paghihirap ng taumbayan. Napakalaking tulong din ang atensyong medikal na naibibigay ng PHILHEALTH para sa ating mga kababayan na tinamaan nang nakamamatay na Covid-19. Nagdadamayan, nagtutulungan at nagkakaisa ang mamamayan at pamahalaan upang malagpasan ang mga pagsubok na ating sinasalungat dahil sa pandemic.

Ang nakakalungkot, sa gitna nang ganitong pagsubok at krisis, ang New People's Army (NPA) ay walang tigil sa paghahasik nang karahasan laban sa mamamayan. Wala na nga silang naitutulong sa taumbayan, pati ang mga pulis na frontliners na nasa quarantine checkpoints upang mapangalagaan ang kaligtasan ng mamamayan ay sinasalakay pa ng mga NPA.

Noong July 10, 2020, pinaulanan ng bala ng mga NPA ang quarantine checkpoint na binabantayan ng apat na kasapi ng Philippine National Police (PNP) sa bayan ng Concepcion, Misamis Occidental. Naganap ang pagsalakay bandang alas 7:45 ng umaga sa Barangay Putongan. Nagbabantay noon ang mga pulis nang paputukan ng mga NPA. Kahit na nabigla sa pangyayari, nagawa pa ring mag maneuver ng apat at gumanti ng putok sa mga manliligalig. Sugatan man, buong tapang na nakipaglaban ang apat sa nakakaraming bilang ng mga sumalakay na terorista. Napatay din nila sa engkwentro ang isang NPA.

Agad na tumakas ang mga NPA nang dumating ang back-up teams na puwersa ng gobyerno sa encounter site na nagmula sa 1st Provincial Mobile Force Company ng Misamis Occidental Provincial Police Office at mga tauhan ng Philippine Army.

Pinapurihan ng pamunuan ng PNP ang ipinakitang katapangan at kagitingan ng apat na pulis sa pakikipaglaban sa mga NPA. Kinilala ang mga nasugatan at magigiting na pulis na sina PSSgt Larry Milan, PCpl Marvin Inton, PCpl Leo Gumisad at Pat Ritchel Tanola na pawang kasapi ng Concepcion Municipal Police Station.

Nagpupugay po ang mamamayan sa inyong kagitingan upang ipagtanggol ang ating bayan laban sa mga manliligalig!

## Top Most Wanted sa Misamis Oriental, timbog sa NCRPO

**Ang Regional Level Most Wanted Person ng PRO10 at itinuturing na Top Most Wanted Person ng Misamis Oriental PPO ay nadakip sa isang joint operation noong Nobyembre17, 2021 sa 21km West Service Road, Brgy. Buli, Muntinlupa City.**

Pinapurihan ni PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang nagsanib na operatiba ng Station Intelligence Unit, Parañaque CPS sa pangunguna ni PMaj Brent Ian S. Salazar; Provincial Intelligence Unit/PDEU na pinangunahan ni PLtCol Adolfo C. Mercado Jr.; Gingoog MPS na pinangunahan ni PMaj Cecelio Q. Orcullo at BJMP CALABARZON – Regional Intelligence Division na pinangunahan ni JCI Jessie James C. Gingoyon at JSI Lord Bryce Kinao, sa ilalim ng superbisyon ni PCol Maximo Frial Sebastian Jr sa kanilang matagumpay na pagkaka-aresto sa akusado na kinilalang si Renie Boy Cueva Delig, 26 taong gulang.

Ang mga operatiba ay naglatag ng Warrant of Arrest para sa krimeng rape na may Criminal Case No. 2020-8062 laban sa akusado na inilabas ni Hon. Giovanni Alfred H. Navarro, Presiding Judge ng Regional Trial Court, 10th Judicial Region, Branch 27, Gingoog City noong Setyembre 15, 2020 at walang nirekomendang piyansa.

"Hindi namin kukunsintihin ang mga lumalabag sa batas na mga pasaway. Manalig lang ang publiko na kahit saan sila nagtatago, ang Team NCRPO ay gagawin ang lahat para sila ay arestuhin. Sa maayos na pakikipag-ugnayan ng ibang himpilan ng pulisya, ang mga nagkasala ay mahuhuli at makukulong sa bilangguan," sabi ni PMGen Danao.

"Nakikiusap kami sa kooperasyon ng publiko na ipagbigay-alam ang mga kahina-hinalang tao o kaganapan sa kanilang mga lugar. Bawa't impormasyon ay importante sa amin para madaling mahuli ang mga criminal," dagdag pa ni PMGen Danao. *(NCRPO – PIO /Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Matataas na kalibre ng baril at bala, nasamsam ng PNP at AFP



*Photo Courtesy: 502nd Infantry - Liberator Brigade*

**Nasamsam ng Tumauini Municipal Police Station at 86th Infantry Battalion ng Philippine Army ang dalawang (2) M16 rifle sa Sitio Dilawlaw, Barangay Antagan 1 ng Tumauini, Isabela.**

Bukod sa mga baril, nakumpiska rin ang 15 na magazine at 264 na bala ng M16 rifle.

Ayon kay PMaj Junneil Perez, hepe ng Tumauini MPS, nadiskubre ang mga kagamitan sa tulong ng mga sumukong miyembro ng CTGs.


Itinago anila ang naturang kontrabando sa lugar matapos nilang tumakas mula sa teroristang grupo.

Pinapurihan naman ni PBGen Steve Ludan, Regional Director ng Police Regional Office 2, ang matagumpay na operasyon ng 86IB at Tumauini MPS.

Hinimok din ni PBGen Ludan ang mga natitira pang miyembro ng CTGs na sumuko at mamuhay ng mapayapa sa piling ng kanilang mga pamilya. Nakahanda aniya ang pamahalaan na magbigay ng tulong para sa kanilang pagbabagong-buhay.

Samantala, nasa pangangalaga ng 86IB ang nakumpiskang mga baril para sa kaukulang dokumentasyon at tamang disposisyon.

# Top Most Wanted sa Misamis Oriental, timbog sa NCRPO




**Inaresto ng mga awtoridad ang pangatlong Most Wanted sa Provincial Level ng Aklan Police Provincial Office, PRO 6, noong Nobyembre 17, 2021 sa harap ng isang Fast Food Store, Baclaran Service Rd., Brgy. 76, Roxas Blvd., Pasay City.**

Binati ni PMGen Vicente D. Danao, Jr., ang mga operatiba ng Warrant at Subpoena Section ng Pasay City Police Station, sa pangunguna ni PEMS Edgar C. Bolivar, kasama ang mga tauhan ng RIU-Region IV na pinangunahan ni PLT Datong; TSG-Intel Group Camp Crame sa pangunguna ni PLT Hector S. Caubat kasama ang anim na tauhan ng AVSEGroup NCR/MPU Security sa pangunguna ni PMaj Fridel Gamez sa kanilang manhunt operation na nag-uwi sa pag-aresto sa akusado.

Ang akusado ay kinilalang si Elmer Bernardo y Rembulat alyas Boboy. Siya ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ng RTC Branch 3 Kalibo, Aklan para sa krimen na walong bilang ng Rape.

Habang inaaresto, ang akusado ay sinabihan ng kanyang constitutional rights at dinala sa Pasay City Police Station para sa wastong disposisyon bago sa pagbalik ng Warrant of Arrest sa korteng pinagmulan.

"Binabati ko ang pagsisikap ng ating kapulisan katulong ang ating mga katuwang na ibang PNP Units sa pagpapatupad ng Manhunt Charlie na nagresulta sa pag-aresto sa akusado sa panghahalay. Ito ay patunay na hindi lang sa NCR tayo ay may seryosong kampanya laban sa mga wanted na tao kundi sa buong bansa.

Kahit nananalo tayo sa pagbawas sa mga krimen sa NCR, hindi kami puwedeng huminahon sa pagbabantay, patuloy na lalabas ang kapulisan sa mga kalye kahit may kakulangan sa manpower para manatiling ligtas ang ating komunidad sa tulong ng suporta ng ating mga force multiplier at mga mamamayan na madalas na nagbibigay ng mahalagang impormasyon para mahuli ang mga kriminal," sabi ni PMGen Danao. *(NCRPO – PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

## Top 3 Most Wanted Person sa Cebu City, arestado

**Arestado ang Top 3 Most Wanted Person (City Level) sa bisa ng Warrant of Arrest mula sa Regional Trial Court, 7th Judicial Region, Branch 9 ng Cebu City sa kasong may kinalaman sa iligal na droga.**

Inaresto ng mga operatiba ng Cebu City Mobile Force Company sa pangunguna ni PMaj Chuck Maghanoy Barandog, Force Commander si Carlos Mirasol Abanes III, 28 years old at residente ng Sitio Laguna, Basak Pardo, Cebu City.

Nakasaad sa Warrant of Arrest na nahaharap sa kasong paglabag sa Section 12, Art. II ng R.A. 9165 si Abanes at hindi rin ito makakapagpiyansa base sa inirekomenda ng nasabing RTC.

# Magnanakaw na nahulog sa motor, huli sa Panabo City



*Photo Courtesy: Panabo CPS*

**Isang tawag mula sa isang residente ng Purok 11, New Visayas, Panabo City ang natanggap ng mga tauhan ng Panabo City Police Station, Davao del Norte Police Provincial Office, kung saan mayroon 'di umanong mga kahina-hinalang kalalakihan ang nakikitang umaaligid sa Quilisadio Subdivion, Brgy New. Visayas, Panabo City bandang alas 2:00 ng madaling araw, Nobyembre 16, 2021.**

Matapos ang natanggap na impormasyon, sakay ng isang mobile ay kaagad na pinuntahan nina PCpl Expression at Pat Ruiz kasama ang mga Motorcops sa pangunguna ni PSSg Legarda ang nasabing lugar upang i-verify ang nasabing report. Pagkarating sa lugar, naabutan nilang sumisigaw si Ginang Dioscora Pahit Panto, 62 taong gulang, may-ari ng isang sari-sari store at residente ng Blk. 3, Prk. 11, Quilisadio Subd. Brgy. New Visayas, dahil ninakawan ang tindahan nito ng tatlong (3) 'di kilalang kalalakihan na kaagad na umakyat sa bakod at tumakas sakay ng kanilang motorsiklo.

Hinabol ng mga awtoridad ang mga papatakas na mga suspek kung saan ang isa sa mga angkas nito na may dalang baril ay nahulog na agad namang nahuli ng mga awtoridad. Kinilala ang suspek na si Jerry Mambugway Subla, 38 taong gulang na resident ng Prk. Matinabangun, Brgy. Mabini, Davao De Oro.

Nakuha mula sa suspek ang isang (1) yunit ng Caliber .38 handgun na may lamang apat (4) na bala, isang kulay ube na bag na naglalaman ng isang (1) kitchen knife kasama ang mga ninakaw na mga sigarilyo kabilang na ang isang (1) ream ng Malboro red cigarettes, walong (8) reams ng More cigarettes, limang (5) packs ng Malboro Blast cigarettes, walong (8) packs ng Jackpot cigarettes, apat (4) na packs ng Chester field cigarettes, at apat (4) na packs ng Philip Morris cigarettes.

Ang naarestong suspek kasama ng mga nakuhang ebidensiya ay nasa kustodiya ngayon ng Panabo CPS sa ilalim ng pamumuno ni Chief of Police, PLtCol Atty. Verna L Cabuhat, para sa tamang disposisyon at kaukulang kaso.

# Suspek, timbog sa Cagayan; 3 baril, nakumpiska

**Matagumpay ang ikinasang operasyon ng PNP Aparri na nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek at pagkakumpiska ng iba't ibang kalibre ng baril sa Barangay Dodan, Aparri, Cagayan noong Nobyembre 12, 2021.**

Nakilala ang suspek na si alyas "Mario", 42 anyos na kasalukuyang nasa kustodiya ng Aparri Police Station.

Narekober ng pulisya ang isang (1) cal. 9mm, isang (1) cal. 45 pistol, isang (1) cal. 38 revolver, at iba't ibang klase ng mga magasin at bala.

Isinagawa ang imbentaryo at pagmarka ng nakumpiskang mga ebidensya sa harap ng suspek at mga opisyal ng barangay.

Ang matagumpay na operasyon ay bunga ng maigting at masigasig na kampanya kontra kriminalidad ng Aparri PS sa pamumuno ni PCpt Jan Ricote, Chief of Police; at ng 1st Mobile Force Platoon ng 2nd Cagayan Provincial Mobile Force Company sa pangunguna ni PLt Vilmore Mallillin.



# Magsasaka sa Isabela, arestado matapos mahulihan ng baril at granada

**Arestado ang isang (1) magsasaka sa Barangay Nappaccu Grande ng Reina Mercedes, Isabela matapos mahulihan ng baril, bala, granada at iligal na droga.**

Kinilala ang magsasaka na si Romeo Mangabat, 53 anyos, at residente ng nasabing barangay.

Sinalakay ng Reina Mercedes Police Station ang tinutuluyan ni Mangabat sa bisa ng Search Warrant na inisyu ni Presiding Judge Andrew Barcena ng RTC Branch 17 sa Ilagan City para sa kasong paglabag sa Republic Act 10591 o Firearms and Ammunition Regulation Act.

Narekober ng mga otoridad ang isang (1) unit ng caliber .22 na may apat (4) na bala, isang (1) granada, dahon ng marijuana at tatlong (3) bala ng caliber .38 na baril.


Ayon kay PCpt Christopher Danao, ang hepe ng Reina Mercedes PS, nag-ugat ang naturang operasyon matapos makatanggap ng reklamo ang kanilang himpilan mula sa isang biktima na nagsampa ng kasong statutory rape laban kay Mangabat. Ginagamit umano ng suspek ang kanyang baril para takutin ang biktima.

Nasa kustodiya na ng pulisya si Mangabat na haharap sa kasong paglabag sa Republic Act 10591 at Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Patuloy ang isinasagawang operasyon ng PNP Isabela kontra krimen at iligal na droga upang matiyak na ligtas at mapayapa sa naturang probinsya.



# Dating pulis na sangkot sa robbery hold-up, arestado




**Arestado sa 2-araw na hot pursuit operation ang isang dating pulis na sangkot sa robbery hold-up noong Nobyembre 11, 2021.**

Bandang 9:05 ng umaga noong Nobyembre 9, naganap ang isang robbery hold-up sa Palawan Express sa Barangay Del Monte, Quezon City na kinasasangkutan ng hindi pa nakikilalang suspek na di umano'y nakasuot ng PNP uniform lulan ng motorsiko.

Kinalaunan ay nakilala ang suspek na si Dennis Marucut, residente ng Apalit, Pampanga, dating pulis na na-dismiss.

Agad namang isinagawa ang hot pursuit operation na kung saan naaresto ang suspek sa kahabaan ng Mc Arthur Highway, Apalit, Pampanga.

Batay sa imbestigasyon, si Marucut ay positibong kinilala ng mga teller ng MLhuiller kung saan ay ninakawan din niya noong Nobyembre 9.

Nahaharap sa patong-patong na kaso ang suspek.

Patunay lamang ito na masigasig ang ating kapulisan at lalo pang pinaigting ang kanilang operasyon kontra kriminalidad.

# Isang lalaki, timbog sa patong-patong sa kasong rape

Timbog ang isang lalake sa bisa ng Warrant of Arrest sa patong-patong na kaso ng panggagahasa sa Cebu City noong November 13, 2021.

Naaresto ng pinagsanib na puwersa ng mga tauhan ng Cebu City Mobile Force Company sa pangunguna ni PMaj Chuck Maghanoy Barandog, Force Commander kasama ang 1st Provincial Mobile Force Company at Regional Highway Patrol Unit 7, si Ponciano Toledo Otom, 46 years old at residente ng Sitio Tabla Sudlon I, Cebu City.

Nahaharap sa kasong Rape thru Sexual Assault na may Criminal Case No: AR-7345 at two (2) counts of Rape sa ilalim ng Criminal Case Nos. AR-7345 at AR-7343 na inilabas ng Regional Trial Court, Branch 26 ng 7th Judicial Region si Otom at wala rin itong karapatang makapagpiyansa base sa inirekomenda ng nasabing RTC.

# Mga baril ng teroristang grupo, nahukay sa San Mariano, Isabela



**Patuloy ang sanib-pwersa ng pulis at militar upang tuluyang tuldukan ang teroristang grupo na nanlilinlang at umiikot sa iba't ibang lugar, kabilang na sa Lambak ng Cagayan.**

Nagresulta ito ng boluntaryong pagsuko ng isang (1) miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) at pagkahukay sa mga baril at bala sa Sitio Padbigen, Barangay Del Pilar ng San Mariano, Isabela.

Natagpuan ang isang 12-gauge shotgun; isang (1) improvised M79 na may bala; at apat (4) na pirasong anti-vehicle mines, batay na rin sa testimonya ng dating rebelde na sumuko sa pamahalaan, kamakailan.

Ayon sa ulat ni PLtCol Jeffrey Raposas, Force Commander ng Isabela Provincial Mobile Force Company, ang pagsuko ng dating miyembro ng teroristang grupo ay dahil sa hirap na nararanasan nila sa loob ng kilusan. Nahikayat siyang sumuko dahil nakita niya ang tahimik at masayang pamumuhay ng mga dating kasamahan sa kilusan na nauna ng sumuko.

Kasama sa operasyon ang mga tauhan ng San Mariano Police Station sa pangangasiwa ni PCol James M Cipriano, Provincial Director ng Isabela Police Provincial Office at ang 95th Infantry Battalion ng Philippine Army.

Ang mga nasamsam na armas ay nasa kustodiya ng 1st PMFC Headquarters para sa dokumentasyon. Pinuri naman ni PBGen Steve B. Ludan, Regional Director ng Police Regional Office 2, ang matagumpay na operasyon.

# Dating miyembro ng CTG, sumuko



**Nahikayat na sumuko ang isang dating miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) na si Avelino Dacanay Rulloda, 60 taong gulang, may asawa at residente ng Brgy. Poblacion, Aringay, La Union noong Nobyembre 15, 2021.**

Napasuko si Rulloda sa pamamagitan ng pinagsamang operatiba ng Aringay PS, TSC RMFB1, PIU LUPPO, 1st at 2nd La Union PMFC at sa pakikipagtulungan ng mga opisyal ng naturang barangay.

Ayon sa record ng Aringay Police Station, naitala si Rulloda bilang Chairman ng Stop Exploitation (STOP-EX), Regional White area Committee (RWAC), Ilocos- Cordillera Regional Committee (ICRC), Periodic Status Report on Threat Groups, at pinaghihinalaang miyembro ng LLOs at CTG na nag-iikot sa rehiyon ng Ilocos at Cordillera.

Si Rulloda ay dinala sa Aringay Police Station para pumirma ng kanyang Oath of Allegiance to Government na sinaksihan ng Hepe ng Aringay PS at ng iba pang miyembro ng operatiba.

# 50 Indigenous People sa Zambales, binawi ang suporta sa CTG



**Dahil sa pagpapatupad ng iba't ibang programa ng ating pamahalaan kontra insurhensya at terorismo, 50 sa ating mga katutubo sa Zambales ang lumagda at nangakong hindi na susuporta sa mga komunistang grupo noong Nobyembre 12.**

Sa pagtutulungan ng Zambales Police Provincial Office sa ilalim ng pamumuno ni PCol Romano V Cardiño, Provincial Director, National Intelligence Coordinating Agency (NICA) sa pangunguna ni Dir. Ma. Luisa F De Guzman, Lead SAKM Cluster 3; Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP) sa pamumuno ni MGen Abraham Claro C Casis (Ret) at LtCol. Eugene Heny Z. Cabusao, Batallion Cmdr 3rd Mech ay matagumpay na naisagawa ang RTF-ELCAC SAKM Convergence and Community Consultation sa Brgy. Sindol, San Felipe, Zambales.

Umabot sa 50 na katutubo ang pumirma sa Pledge and Withdrawal of Support to CTG. Kasabay din nito ay ang kanilang pagsunog sa bandila ng CPP bilang pagpapakita sa pagbawi ng kanilang pagsuporta sa komunistang grupo.

Dumalo rin sa nasabing aktibidad sina Hon. Leo John Farrales, Mayor ng San Felipe; PLtcol. Generico M Binan, DPDO, Zambales PPO; PMaj. Joe Louies Lo Jr., C, PCADU; mga tauhan ng San Felipe MPS at 2nd PMFC.

Pagkatapos nito ay nagsagawa rin ng Duterte Legacy Barangayanihan Caravan: Towards National Recovery kung saan 280 na residente ang naging benepisyaryo kabilang na dito ang ating mga katutubo.

# 93 miyembro ng CTGs, tumiwalag sa grupo at nanumpa sa Gobyerno

**Inilunsad ng kapulisan ng Bauang Police Station sa pamumuno ni PMaj Jeofrey Sanchez ang Proyektong A.G.A.P.E. o Allegiance of Government Approach for Peaceful Community thru ELCAC sa Brgy Pilar, Bauang, La Union.**

Ayon kay PMaj Sanchez, dahil sa pagkakaisa at pagsuporta ng Local Government ng Bauang, La Union, ang BARACO (Bauang Riders Anti-Crime Organization), at iba pang mga pribadong organisasyon ay matagumpay na nahikayat at magbalik-loob ang nasa 93 na dating miyembro ng Communist Terrorist Group sa Brgy. Pilar na kung saan sila rin ay nanumpang makikipagtulungan sa gobyerno.

Pinangunahan naman ni PCol Jonathan G Calixto, Provincial Director ng La Union Police Provincial Office ang Oath of Allegiance to the Government ng mga dating miyembro ng LLOs na dinaluhan din ni Hon Menchie De Guzman, Municipal Mayor.

"Dapat nating kondenahin ang mga mapanlinlang na gawain, paglabag sa karapatang pantao at kriminalidad na inihahasik ng mga kasapi at sumusuporta sa mga CTG", saad ni PCol Calixto.

Bukod pa dito, nagkaroon din ng Memorandum of Understanding sa pagitan ng Bauang Police Station at Bauang LGU hinggil sa patuloy na pagsasagawa ng mga BARANGAYanihan sa kanilang lugar.

# Php7.8-M halaga ng shabu, nasabat sa CamSur buy-bust



**Higit-kumulang 1,150 gramo ng hinihinalang shabu na mayroong drug price standard na Php7,800,000 ang nasamsam sa ikinasang drug buy-bust operation ng Regional Police Drug Enforcement Unit 5 at ng Nabua MPS sa Brgy. Sta. Elena, Nabua, Camarines Sur nitong Lunes, Nobyembre 15, 2021 dakong alas tres ng madaling araw mula sa suspek na si Bienvenido Dinsing Jr. na residente ng Barangay Tambo, Pamplona, Camarines Sur.**

Nakabili umano ng 150 gramo ng pinaghihinalaang shabu ang poseur buyer ng PNP na may katumbas na halagang Php450,000. Matapos ang palitan ng bayad at ng droga ay nakaramdam umano ng pagdududa ang suspek na isang patibong ang transaksyon kaya agad nitong binunot ang kanyang 9mm pistol at pinaputukan ang kapulisan na napilitang gumanti ng putok upang dispensahan ang kanilang sarili. Tinamaan si Dinsing sa kanyang katawan na naging sanhi ng kanyang pagkamatay.

Bago ang buy-bust operation, nagsagawa ng masusing imbestigasyon at surveillance ang ating mga kapulisan katuwang ang PDEA RO5 upang matiyak ang impormasyon.

Ang mga lugar ng Naga City, Camarines Sur, Legazpi at Tabaco ang madalas umano nitong sinusuplayan ng droga. Dagdag pa dito, si Dinsing ay dati ng naaresto sa parehong kaso ngunit nakalaya sa bisa ng plea bargaining.

Ang pamunuan ng Police Regional Office 5 sa ilalim ng pamumuno ni PBGen Jonnel C Estomo, RD, PRO5 ay nagpatupad ng mas agresibong kampanya kontra iligal na droga bilang bahagi ng patuloy na programa ng PNP.

# Php3.97-M halaga ng marijuana, sinira ng Mt. Province Pulis

**Nadiskubre at sinira ng mga awtoridad sa Mountain Province sa pangunguna ng Sadanga Municipal Police Station ang tinatayang nasa mahigit kumulang na Php3,970,000.00 halaga ng marijuana sa kanilang isinagawang marijuana eradication sa magkahiwalay na plantasyon sa Sitio Tokayong, Barangay Saclit, Sadanga, Mt. Province noong Nobyembre 14, 2021.**

Kasama sa sinira ang limang (5) marijuana bricks na nagkakahalaga ng Php600,000 at ang tinatayang 22kg na tuyong tangkay at dahon ng marijuana.

Ayon sa Sadanga MPS, nadiskubre ang lugar dahil sa mahigpit na pagsubaybay at koordinasyon sa mga residente ng naturang barangay.

Agad na sinira at sinunog ng mga awtoridad ang mga natagpuang marijuana kasama ang mga tuyong tangkay at dahon sa mismong lugar kung saan ito natagpuan.

# Php5M halaga ng smuggled na sigarilyo, naharang sa Makilala, Cotabato



*Photo Courtesy: RPIO12*

**Matagumpay na naharang ang iba't ibang klase ng smuggled na sigarilyo na nagkakahalaga ng Php5,000,000 ng pinagsamang operatiba na binuo sa ilalim ng pamumuno ni PBGen Alexander Tagum, RD, PRO 12 sa Makilala, Cotabato, bandang 3:40 ng madaling araw ng Nobyembre 14, 2021.**

Ito ay inaksiyonan at nagsagawa kaagad ng boarder checkpoint ang binuong operatiba na kinabibilangan ng RID 12; RMFB 12; CIDG 12; PMFC, CPPO; at Makilala MPS, nang matanggap ang impormasyon na mayroong sasakyan ang 'di umano'y may kargang sari-saring smuggled goods ang bibiyahe mula Davao del Sur papuntang General Santos City.

Naharang ng operatiba ang nasabing truck at nahuli ang mga suspek na kinilalang sina Rey Arnold Etil Mariscal, Rheno Quiao Mariscal, Romulo Calibo Soria, Pablito Agravante Elorcha, at Glenn Torres Judilla sa Brgy. Old Bulatokan, Makilala, Cotabato.

Lumalabas sa imbestigasyon na walang kaukulang dokumento ang nasabing trak na may kargang mga ipinuslit na sigarilyo. Maliban dito, matapos halughugin ang sasakyan ay narekober din ang Colt 45 na may isang (1) magazine at naglalaman ng limang (5) live ammunition.

Ang mga naarestong suspek ay kaagad na dinala sa PRO 12 RHQ, Tambler, General Santos City kasama ang mga nakumpiskang gamit para sa tamang disposisyon habang noong Nobyembre 16 ay naiturn-over na sa Bureau of Custom ang mga nakumpiskang smuggled na sigarilyo.

"The seizure of these smuggled items is the result of persistent information operation efforts of men and women of Police Regional Office 12. This only manifest that our relentless effort to curve illegal activities in our area of responsibility can be achieved with our collaborative actions with the community," pahayag ni PBGen Tagum.

# Php3M Marijuana, nasabat sa drug-bust operation sa QC

Pinapurihan ni NCRPO Director, PMGen Vicente D. Danao, Jr ang walang kapagurang pagsusumikap ng nagsanib na mga tauhan ng DDEU, QCPD sa pangunguna ni PMaj Wennie Ann A. Cale at PS-9 (Anonas) sa pangunguna ni PMaj Agustin Ubilas sa ilalim ng superbisyon ni PBGen Antonio C. Yarra, District Director na nag-uwi sa pag-aresto sa isang personalidad sa iligal na droga at ang pagkakakumpiska ng higit-kumulang na 25 kilo ng tuyong dahon ng marijuana na nagkakahalaga ng Php3,000,000 noong Nobyembre 18, 2021 sa Eliptical Rd., Brgy. Old Capitol Site, Quezon City.

Ang naarestong suspek ay kinilalang si Joseph Alexandrei Ang, alias Joseph. Nakuha sa kanya ang higit-kumulang na 25-kilo ng tuyong dahon ng marijuana na may halagang Php3,000,000 at Php1000 na kasama sa 49 na pirasong Php1000 bungkos na pekeng pera.

Ang suspek ay dinala sa himpilan ng pulisya para sa wastong disposisyon at paghahain ng kaso dahil sa paglabag sa RA 9165, o The Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 habang ang nakumpiskang ebidensya ay dinala sa crime laboratory para sa confirmatory testing.

"Pinupuri ko ang dedikasyon at suporta ng ating mga tauhan sa kampanya laban sa iligal na droga at iba pang krimen at paglabag sa batas na nakatuon sa pag-iigting sa aming pangako na palayain ang Metro Manila sa paglipana ng delikadong sangkap. Sana'y tuluy-tuloy naming magawa ang aming tungkulin sa abot ng aming makakaya para siguraduhin na ligtas at protektado ang aming nasasakupan sa iligal na droga at paglabag sa batas," ani PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
# BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 46 * Nobyembre 13-19, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 85 kabataan nakatanggap ng maagang pamasko mula sa Santa Cops



**Maagang nahandugan ng mga pamasko ang mga kabataan ng Rosario, Northern Samar mula sa mga ipinamahaging regalo ng mga Santa Cops ng Northern Samar Provincial Community Affairs and Development Unit at Women and Children noong November 17, 2021.**

Isinagawa ang pamamahaging ito, sa kolaborasyon ng Rosario Municipal Police Station bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng 29th National Children's Month.

Kabilang sa mga pamaskong naihandog ay ang mga school supplies, hygiene kits, goodies, at healthy snacks kung saan 85 na mga kabataan ang nahandugan.

Maliban sa pamamahagi ng mga pamasko ay tinalakay din ng mga nasabing santa cops sa mga kabataan ang children's basic rights.

Ang nasabing gawain ay bahagi rin ng BARANGAYanihan Program ng pulisya na naglalayong matulungan ang mga kabataan, lalo na sa mapanghamong panahon dala ng pandemya.

Si PCol Arnel J. Apud, Provincial Director ng Northern Samar PPO ay nagpahayag na handa at patuloy na tutulong ang mga kapulisan, lalo na sa mga pamilyang lubos na nangangailangan, may pandemya man o wala.

Naging matagumpay ang pagsasagawa ng nasabing aktibidad dahil sa mainit na suportang ibinigay ni PBGen Rommel Bernardo A. Cabagnot, Regional Director, PRO 8 pati na rin ng mga stakeholders.

# 200 Kagay-anons, nagpasalamat sa Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan

**Nabigyan ng tulong at ayuda ang mga residente ng Barangay Pagalungan, Cagayan de Oro City sa isinagawang Localized Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan noong Nobyembre 13, 2021.**

Kasama ng mga Kapulisan ng Cagayan de Oro City Police Office, sa pamumuno ni PCol Aaron M. Mandia, ang mga ahensya at pribadong grupo upang maghatid ng tulong at serbisyo publiko. Ilan dito ang DOLE, PDEA, TESDA, CSWD, LGU-Cagayan de Oro, NHA, DENR/CENRO, Task Force ORO-PA, BFP, CDRRMO-CDO, PRO10 Medical at Dental Team, Barangay Pagalungan Local Government Unit, COCPO Command Group and Advocacy Support Group Force Multipliers tulad ng Kusgan Volunteers Inc., Oro Barangay Tanod, at ACCERT CDO.

Mainit ang pagtanggap ng Barangay sa pangunguna ni Punong Barangay, Rene Oporto, sa programang naglalayong madala ang mga serbisyo at legasiya ng pamahalaan sa mga Barangay. Namahagi ng 450 food packs ang PNP, PDEA at City Social Welfare and Development/LGU-CDO.

Samantala, ang Regional Medical and Dental Unit ng Police Regional Office 10, na pinangunahan ni PLtCol Ma. Imelda Serrano, Chief, RMDU, ay nagsagawa ng libreng tuli para sa 30 kabataan. Nagkaroon din ng libreng bunot ng ngipin, libreng check-up at pamimigay ng mga gamot at bitamina sa mga residente. Sinabayan din ng PDEA ang pagsasagawa ng maikling pagtuturo ng Drug Addiction at masamang epekto nito sa utak ng tao.

Gayundin, ang NHA at DOLE ay nagbigay ng impormasyon ukol sa housing program, paggawa, at trabaho sa lungsod. Namigay naman ang CLENRO-CDO ng mga pananim na gulay para sa urban gardening ng mga residente.

Ang mga Lingkod Bayan Advocacy Support Groups naman ay namahagi ng lugaw sa lahat na dumalo sa aktibidad na inorganisa ng Higalang Pulis – Cagayan de Oro City Police Office.

# Sapin Sapin ni PenPen Program, inilunsad ng San Andres MPS





**Bilang bahagi ng patuloy at mas pinalawig na aktibidad ng BARANGAYanihan Caravan na naglalayon na makatulong sa ating komunidad, nakibahagi ang Pulis ng San Andres Municipal Police Station sa pangunguna ni PCpt Elmer M Fajel, OIC sa isang outreach program kasama ang mga miyembro ng Lingkod Bayan Advocacy Support Group – Global PCR sa pangunguna ng kanilang pangulo na si Gng. Nelfa G Gomboc na siyang nag-sponsor ng feeding activity sa 100 bata at pamamahagi ng 100 face mask at tsinelas na ginanap sa San Andres, Romblon.**

Ang aktibidad na ito ay bahagi ng umuusbong na best practice na pinasimulan ng San Andres MPS na tinaguriang "Sapin-Sapin ni Pen Pen" kung saan ang layunin ay mabigyan ng tsinelas ang ating mga kapus-palad na mga bata sa bawat barangay.

Ang proyektong ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng pagsisikap ng ating benefactor na si G. Gerry R Frogosa ng Calatrava, Romblon.

Ginawaran din ng certificate of appreciation ang mga benefactor ng tsinelas at lingkod bayan advocacy support group na naroroon sa nasabing aktibidad.

